# Balitang Manmin

BILANG 150 PEBRERO 21, 2016


# Basahin Natin sa Salita ang Tungkol sa mga Tunay na Biyaya at Kasiyahan

## Nagbibigay ng Buhay at Pagbabago ang mga Libro ni Dr. Jaerock Lee




Mula kaliwa, Diakono Dongmin Seo, Diakono Lobho Kamuhanda Desire at ang asawa niya (DR Congo), Pastor Taekyu Moon, Kapatid na Blessy (India), Kapatid na Hansen (Faroe Islands), at Punong Diakonesa Taeyoung Kim (Natanto nila ang pag-ibig ng Diyos, nagbago sila sa tulong ng mga libro ni Dr. Jaerock Lee)

Sinabi ni Kapatid Maiprind Weihe Hansen, taga-Faroe Islands, "Hindi ko alam kung bakit ako nabubuhay. Pero dahil sa mga libro ni Dr. Lee, natutuhan ko ang tungkol sa katarungan, katotohanan, at espirituwal na mundo. Nasagot ang mga tanong ko tungkol sa Biblia at nagkaroon ako ng espirituwal na pagkaunawa. Nang malaman ko ang tungkol sa Langit at kahariang espirituwal, naging mapayapa ako."

Bingi siya nang ipinanganak. Dinadaluhan niya ang lahat ng klase ng pagsamba at ang pulong-panalanging Daniel sa website ng Nefsis Video Conferencing. At dahil sa makapangyarihang panalangin ni Dr. Lee, bumukas ang mga tainga niya, nakakarinig na siya (litrato 5).

Naging daan para magkaroon ng bagong buhay si Kapatid Lobho Kamuhanda Desire ng Kinshasa Manmin Church, DR Congo, ang libro ni Dr. Jaerock Lee na *Ang Mensahe ng Krus*. Sinabi niya, "Nakakamangha ang librong ito dahil malinaw na ipinapaliwanag kung bakit si Jesu-Cristo ang Tanging Tagapagligtas natin, hindi ito maitatanggi ng kahit sino. Nasagot ang lahat ng katanungan ko tungkol sa Manmin Central Church. Natiyak ko na tunay na lingkod ng Diyos si Dr. Jaerock Lee."

Dahil dito, nagparehistro silang dalawa ng asawa niya sa Kinshasa Manmin Church. Maraming pagbabago ang nangyari sa buhay niya pagkatapos niyang maging miyembro ng iglesya. May problema siya dati sa pera at iba pang bagay, pero nagkaroon siya ng pananampalataya dahil sa Salita ng Diyos, nanalangin siya. Habang ginagawa niya ito, itinaas ang ranggo niya bilang sundalo, naging koronel siya. Nagsimula ding manalangin araw-araw ang asawa niya. Napuno ng kagalakan sa kaligtasan at pag-asa sa walang hanggang buhay sa Langit ang pamilya niya (litrato 2).

Ipinapaliwanag ng libro ni Dr. Lee na may titulong *Love: Fulfillment of the Law* ang tungkol sa espirituwal na pag-ibig na nakasulat sa 1 Mga Taga-Corinto kabanata 13. Dalawampung beses ito binasa ni Diakono Dongmin Seo, miyembro ng Manmin Central Church. Ayon sa kanya, "Naging mensahe ng pag-ibig ang Salita ng Diyos para sa akin, noon ay nagsisilbing dagdag sa kaalaman lang ito. Kapag nag-iisip, nagsasalita at nakakaramdam ako ng masasamang bagay, naaalala ko ang mensahe na nasa libro, kaya inihihinto ko ito. Lubos ang pagpapasalamat ko! Tumanggap ako ng pagpapala at lumago ang espiritu ko" (litrato 1).

Ang ika-100 libro ni Dr. Lee na *Abraham the Friend of God* ay parang guro ng mga mananampalataya para masundan nila ang paglakad sa pananampalataya ni Abraham, ang ama ng pananampalataya.

Noong Enero 4, 2016, nagdaos ng programa para sa pamamahagi ng premyo sa nanalo sa paligsahan ng nalalaman tungkol sa librong *Abraham the Friend of God*. Si Pastor Taekyu Moon ng Miryang Manmin Church ang nanalo ng pinakamalaking premyo. Sinabi niya, "Pagkatapos kong basahin ang libro, inisip ko kung ano ang makakapagpalugod sa Diyos kahit walang pagbabago ang kinalalagyan ko. Nakatanim sa puso ko ang mensahe ng libro, parang salamin ito na nagpapakita sa akin ng buhay ko. Kapag nananalangin ako at nagmiministeryo, ginagamit ko ang nabasa ko sa libro. Masayang-masaya ako!" (litrato 3)

Tinanggap ni Elder Seokcheol Lee, ng Gumi Manmin Church, ang pangalawa sa pinakamalaking premyo. Sinabi niya, "Natanto ko na puno ng espirituwal na aral ang librong ito. Ito ay nagsisilbing patnubay. Gusto kong matuto ang mga tao ng tungkol sa pananampalataya, pagsunod, pagsamba at pagpapasalamat mula sa librong ito. Umaasa ako na mas marami pa ang matuto para mapuno ang mundo ng kapayapaan at paggalang sa Diyos."

Ang mga librong isinusulat ni Dr. Jaerock Lee ay mga serye ng sermon, mga sermon na mayroong iisang paksa, mga librong tutulong sa pag-aaral, mga pinagsama-samang patotoo ng iba't ibang tao, mga artikulo at mga sanaysay na isinulat ng mga Cristiano. Ngayong Enero 2016, mayroon ng 100 libro sa wikang Koreano, at 300 sa kabuuan na isinalin sa 59 na wika.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Subalit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kagandahang loob, kabutihan, katapatan, kaamuan, at pagpipigil sa sarili. Laban sa mga ito ay walang kautusan." (Galacia 5:22-23)

## SIYAM NA BUNGA NG BANAL NA ESPIRITU (6)

# Kabutihan

Hindi lang nasa puso ang mga kaibig-ibig na bunga ng Banal na Espiritu, dapat lumabas din ito sa mga mabubuting gawa. Kung lubos ang pamumunga ng puso ninyo ng kabutihan tulad ng iba pang bunga, magkakaroon kayo ng mabangong samyo ni Cristo. Dahil dito, makikita ng mga kaluluwa si Jesu-Cristo sa buhay ninyo, kaya luluwalhatiin nila ang Diyos. Pag-aralan natin ang bungang 'Kabutihan'.

### 1. Ang pusong kumikilos ayon sa pamantayan ng katotohanan

Kumikilatis at humuhusga ang mga makamundong tao ayon sa kanilang konsiyensya kung ano ang masama o mabuti. Kung wala silang konsiyensya, iisipin ng mga taong ito na mabuti at matuwid sila. Pero magkakaiba ang 'konsiyensya' ng bawat tao dahil magkakaiba din ang proseso ng pagkakabuo ng konsiyensya nila.

Pero, ang konsiyensa na pamantayan ng pagkilala sa mabuti o masama ay nakabatay sa pundasyon ng likas ng isang tao, at ang likas na ito ay ayon sa klase ng buhay na lakas ng isang tao nang ipanganak siya at ng kapaligiran kung saan siya lumaki.

Maganda ang ugali ng mga batang tumanggap ng mabuting buhay na lakas. At ang mga taong pinalaki sa mabuting kapaligiran kung saan mabubuting bagay ang nakita at narinig ay mayroong mabuting konsiyensya. Sa kabilang banda, kung may isang taong ipinanganak na may masamang ugali na nakuha niya mula sa mga magulang niya, at pagkatapos, naugnay pa siya sa masasamang bagay, magiging masama ang likas at konsiyensya niya.

Halimbawa, kapag nagsinungaling ang isang batang tinuruang magsabi ng totoo, kokonsiyensyahin siya. Pero iniisip ng mga batang lumaki kasama ng mga sinungaling na natural lang ang pagsisinungaling. Binanggit kanina, nag-iiba ang konsiyensya ayon sa tao, lugar na kinaroroonan, at panahon. May mga taong nag-aakala na sinusunod nila ang konsiyensya nila pero sinusunod lang nila ang inaakala nilang mabuti. Gayon pa man, hindi sila sumusunod sa ganap na kabutihan.

Tayong mga naniniwala sa Diyos ay may magkakaparehong pamantayan sa pagkilala kung ano ang mabuti o masama. Salita ng Diyos ang pamantayan natin. Ang espirituwal na kabutihan ay pagkakaroon at pagsunod sa katotohanang ito. Ito ang ating konsiyensya.

### 2. Pusong hindi magbubunga kung hindi gagawa ng tunay na kabutihan

Sa espirituwal na diwa, ang kabutihan ng puso ay nakikita sa Banal na Espiritu, ito ay kabutihang mula sa katotohanan. Dahil kabutihan ang ipinapakita ng mabuting tao, natural lang na maging mabuti ang mga ginagawa at ipinapakita ng mga taong naghahanap ng kabutihan. Kahit saan man sila magpunta at kahit sinuman ang makaharap nila, nagpapakita sila ng kabutihang-loob at pag-ibig na may kalakip na mga mabuting salita at gawa.

May mabangong samyo ni Cristo ang mga taong mabuti, parang nagpahid sila ng pabango, humahalimuyak. Pero hindi sapat ang hangaring maging mabuti para totoong maging mabuti. Kung naririnig at natutuhan nila ang tungkol dito, dapat nilang pagyamanin ito sa kanilang puso at pagkatapos, isabuhay nila ito.

Sa Lucas 10, mayroong talinhaga tungkol sa mabuting Samaritano. May isang lalaking binugbog at pinagnakawan habang naglalakbay, halos mamatay siya. Nakita siya ng isang pari na napadaan sa lugar, pero nilampasan lang siya nito. Nakita rin siya ng isang Levita, katulad ng pari, dumaan lang ito. Maraming nalalaman tungkol sa Salita ng Diyos ang mga pari at Levita, mga lingkod sila ng Diyos. Pero hindi nila ginawa ang dapat nilang gawin bilang mga lingkod ng Diyos na sumusunod sa kalooban Niya.

Hindi nagtagal, may napadaang isang Samaritano, nakita niya ang lalaking binugbog at ninakawan. Binalutan ng Samaritano ang mga sugat nito at dinala niya ito sa isang bahay-panuluyan. Hiniling niya sa may-ari ng bahay-panuluyan na alagaan ang lalaking sugatan at nangakong babayaran sa pagbalik niya ang mga gastusin. Dahil mabuting tao siya, hindi niya magawang balewalain ang isang taong halos mamatay, kahit gumastos pa siya at pag-ukulan ito ng malaking oras. Kung dinaanan lang niya at hindi pinansin ang sugatang lalaki, magiging pasanin ito ng kalooban niya, problema pa niya ito. Ganito ang espirituwal na kabutihan, hindi natin matitiis na hindi gumawa ng kabutihan.

### 3. Ang mabuting puso ni Jesus

Mababasa sa Mateo 12:19, "Hindi siya makikipagtalo o sisigaw, o maririnig ng sinuman ang kanyang tinig sa mga lansangan."

Kadalasan, kapag may nakikita tayong isang taong mabuti sa paningin ng ibang tao, iisipin nating wala siyang kaaway o problema sa ibang tao. Gaya ng sinabi ng talata, 'hindi maririnig ng kahit sino ang tinig niya sa lansangan,' tahimik lang sila, walang kaaway. Hindi sila nagsasalita tungkol sa mga kasalanan at pagkukulang ng ibang tao. Hindi sila nagyayabang, ni nagmamagaling. Hindi sila nagrereklamo, kahit nagdurusa sila ng walang dahilan.

Sa talata 20, sinasabi, "Hindi Niya babaliin ang tambong nasugatana, o papatayin ang nagbabagang mitsa, hanggang ang katarungan ay dalhin Niya sa tagumpay."

Sa pagpapatubo ng puno o mga halaman, pinuputol natin ang mga nabaling dahon o sanga. At pinapatay ang nagbabagang mitsa dahil hindi na maliwanag ang ilaw nito at naglalabas ito ng mabahong usok. Pero 'hindi babaliin ang tambong nasugatan o papatayin ang nagbabagang mitsa' ng mga taong may espirituwal na kabutihan. Kung may pagkakataong magbago, hindi nila wawakasan ang buhay na ito, sinisikap nilang tumulong para magsimula ng bagong buhay ang ibang tao.

Ang tinutukoy na 'tambong sugatan' dito ay ang mga taong puno ng kasalanan at kasamaan dito sa mundo. Sinisimbulo ng 'nagbabagang mitsa' ang mga pusong may mantsa ng kasamaan, malapit ng mamatay ang ilaw ng kaluluwa nila. Malamang hindi tatanggapin ng mga taong tulad ng mga ito ang Panginoon. Kahit naniniwala sila sa Diyos, wala silang ipinag-iba sa mga makamundong tao. Nilalapastangan pa nila ang Banal na Espiritu o lumalaban sila sa Diyos.

Noong panahon ni Jesus, napakaraming hindi naniwala sa Kanya kahit nakita nila ang kamangha-manghang pagpapakita ng kapangyarihan. Nilabanan nila ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Pero umasa si Jesus ng may pananampalataya hanggang sa huli, nagbukas Siya ng maraming pagkakataon para maligtas ang mga ito.

Tinatanggap ng mga nagbunga ng kabutihan ang mga taong gumagawa ng kasamaan. Hindi na nila kinikilala kung sino ang tama o mali o kung sino ang mabuti o masama. Hindi nila binabalewala at itinatapon kahit sinuman. Nagiging mabuti sila sa mga taong ito, may tapat na puso, kaya sa bandang huli, maaantig sa kanila ang puso ng mga ito.

Siyempre, kung magpapatuloy sa paglala ang kasamaan ng ibang tao, mapupunta sila sa daan patungo sa kamatayan, kahit naging mabuti tayo sa kanila. Pero kahit ganito ang nangyayari, hindi natin pipigilan ang ating pagtitiis, hindi natin sila iiwan. Espirituwal na kabutihan ang pagtulong sa kanila sa paghanap ng espirituwal na buhay, hindi sumusuko hanggang sa huli.

Ano ang kaibahan ng espirituwal na kabutihan sa ibang espirituwal na katangian? Pwede kayang sabihing pagkakawanggawa o awa ang ginawa ng Samaritano sa 'Talinhaga ng Mabuting Samaritano?'

Ang pagkakawanggawa at awa ay parehong nagmumula sa kabutihan. Pero ang pinakamahalagang aspeto ng espirituwal na kabutihan ay ang hangarin at kalakasang sumunod at ipakita ang kabutihang ito. Hindi lang ito nakatuon sa awa dahil pwede naman tayong tumulong dahil nakikisimpatiya tayo. Ang kabutihang ito ay nakatuon, tulad ng Samaritano, sa pagtulong dahil naawa siya.

Kung may bunga kayong kabutihan, at nagboluntaryo kayong maglingkod sa iglesya, hindi lang kayo magiging tapat sa paggawa ng isang bagay, magiging tapat kayo sa lahat ng aspeto. Kung papabayaan ninyo kahit isang bagay lang sa mga tungkulin ninyo, may isang taong mahihirapan. Malamang hindi pa matupad ang kaharian ng Diyos ayon sa inaasahan. Kaya sikapin nating maging tapat sa lahat ng aspeto. Naniniwala ako na pwede ninyong gamitin ang prinsipyong ito sa lahat ng katangian ng espiritu.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, matutularan ninyo ang wangis ng Panginoon kung may bunga kayong espirituwal na kabutihan. Hindi kayo gagawa ng kahit na anong bagay na makakatisod sa sinuman. Ipapakita din ninyo ang pagiging mabuti at pagpapakumbaba. Magiging magalang kayo, may anyo ng Panginoon, at ang ugali at pananalita ninyo ay magiging perpekto. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na magkaroon nawa kayo agad ng bunga ng espirituwal na kabutihan para ganap na maluwalhati ang Diyos!

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Paano Magiging Madali ang Buhay Bilang Isang Cristiano

Ibinibigay sa atin ng Diyos ang Tagapatnubay at Taga-aliw na Banal na Espiritu kapag tinanggap natin si Jesu-Cristo. Magsisisi tayo para magkaroon ng pananampalataya, kaligtasan, at buhay na walang hanggan, para makapasok sa Langit na puno ng kasiyahan. Kapag ibinigay sa atin ang Banal na Espiritu, magiging madali ang pagsunod sa Salita ng Diyos at pagsulong ng buhay bilang Cristiano.

Pwedeng bawiin ng kahit sino ang wangis ng Diyos na naiwala ng unang nilalang na si Adan nang magkasala siya. Bukod dito, pwede nating matupad ang kalooban ng Panginoon na Siyang Tagapagligtas natin, magkaroon ng tapat na puso sa lubos na katiyakan sa pananampalataya (Sa Mga Hebreo 10:22). Siyempre, makipot ang pintuan at masikip ang daang patungo sa buhay (Mateo 7:14), pero may mga madaling paraan para makapasok sa pintuang ito.

Mababasa rin sa Deuteronomio 30:11-14, “Sapagkat ang utos na ito na Aking iniuutos sa iyo sa araw na ito ay hindi napakabigat para sa iyo, ni hindi malayo...Kundi ang Salita ay napakalapit sa iyo, ito ay nasa iyong bibig, at nasa iyong puso, kaya ito ay iyong magagawa.” Sa taong ito ng pagpapala, lumapit tayo sa pinakapinagpalang tirahan sa langit, ang Bagong Jerusalem.

## Una, dapat tayong magkaroon ng malinaw na layunin

Buhay ang Diyos, at totoong mayroong kahiraan ng langit. Bibigyan tayo ng Diyos ayon sa ginawa natin dito sa mundo. Hindi malabo ang layuning ito. Kung susundin natin ito ayon sa itinuro ng Diyos sa atin, matutupad natin ang layuning ito. Halimbawa, nagtatrabaho ang mga nagbebenta sa araw at sa gabi para matupad ang layunin nila. Kahit tinatanggihan sila o pinaparinggan ng mga nakakainsultong salita, nagsisikap pa rin sila. Ito’y sapagkat malinaw ang layunin nila, at inaasahan nila ang makakamit nila kapag natupad nila ang layuning ito.

Ang layunin natin ay makaabot sa Bagong Jerusalem, ang pinakamaluwalhating tirahan sa Langit. Kung ganito kalinaw ang layunn natin, hindi tayo mahihirapan sa pagsunod sa mga utos ng Diyos. Ang pinakamahalagang bagay dito ay pananampalataya. Kapag magpapasalamat tayo sa bawat hakbang natin para sa pag-ibig ng Panginoon na nagsikripisyo ng buhay Niya para makarating tayo sa Langit, maaabot natin ang ating layunin. Para marating natin ang Bagong Jerusalem, mahalagang sumulong at hindi na lumingon sa pinanggalingan.

## Pangalawa, huwag tayong mag-alinlangan sa pagsulong patungo sa layunin

Ang papalit-palit ng isip ay isang malaking balakid sa buhay ng isang Cristiano. Kung magtatakda tayo ng layunin, gawin natin ito, huwag tayong magbago ng isipan. Kung hindi tayo susuko at hindi magbabago ang isipan, hindi tayo mahihirapan sa buhay Cristiano natin.

Katulad ito ng isang taong umaakyat sa mataas na bundok, kung maiisipan niyang magpapahinga sa kalagitnaan o kaya, gusto na niyang bumaba, mahihirapan na siya sa ginagawa niya. Sa kabaliktaran, ang mga nagpapatuloy patungo sa layunin ay walang nakikitang mahirap sa kahit na anong situwasyon.

Kung tutuon kayo sa pag-asa ninyo sa Langit, at gawing layunin ang makapasok sa Bagong Jerusalem, pagsisikapan ninyong iwaksi ang mga masasamang bagay para makamit ang kalooban ng Diyos nang buong sipag. Sa kabaliktaran, mahihirapan kayong mabuhay sa katotohanan kung matutukso at susunod kayo sa mga makamundong bagay, madadama ninyong mahirap mabuhay sa katotohanan. O kaya, mahihirapan kayo sa buhay bilang isang Cristiano kung susuko kayo sa kalagitnaan o magbabago ng isip. Kung iwawaksi ninyo ang ganitong klaseng kalooban at susundin ang Salita, Magkakaroon kayo ng masayang buhay bilang Cristiano, nasa pag-aalaga at kagalakan ng Diyos.

Ibig sabihin, sa sandaling iwaksi natin ang pabagu-bagong isipan, mas magiging madali para sa atin ang magsulong ng buhay pananampalataya. Bukod dito, mas madali nating maiiwaksi ang mga masasamang katangian. Habang nagsisikap tayo na kumilos ayon sa Salita, mas magiging mabilis tayong magkaroon ng mga katangian na makakatulong sa atin para makapasok sa Bagong Jerusalem. Kung iwawaksi natin ang pabagu-bagong isipan at ang kagustuhang sumuko, tatanggap tayo ng kapangyarihan at kalakasan mula sa Langit. Sa paarang ito, mabilis ang pagbabago natin, magbubunga tayo.

## Pangatlo, dapat magalak at magsaya sa pagsulong patungo sa layunin

Ang dahilan ng mga taong umaakyat sa bundok kahit nahihirapan ay malamang ang kasiyahan nakukuha nila pagkatapos akyatin ang bundok. Habang isinusulong natin ang buhay bilang mananampalataya kay Cristo, maaabot natin ang Bagong Jerusalem sa bandang huli. Kaligaligaya at kasiyasiyang matupad ang layuning ito. Pero may ilang magsasabi sa inyo na mahirap kapag natuklasan ninyo ang kakulangan ng buhay Cristiano ninyo. May mga nag-iisip na ayaw nilang iwaksi ito. Pero, kung naniniwala tayo na mapapalapit tayo sa layunin nating makarating sa Bagong Jerusalem sa pamamagitan ng pagtuklas ng masasamang bagay, sasaya tayo kung makikita at iwawaksi natin ang mga ito.

Ipagpalagay nating umaakyat kayo sa isang bundok, may pasan kayong mabigat na bag. Dahil pabigat ng pabigat ang bag na pasan ninyo, bubuksan ninyo ito, makikita ninyo ang mga bagay na hindi naman ninyo kailangan. Tatanggalin ninyo ang mga ito. Ni hindi ninyo sasabihing, “Gusto kong itago ang mga ito.” Hangga’t maaari, magtatapon kayo ng mga bagay na hindi mahalaga. Parang ganito rin ang buhay bilang Cristiano, tutuklasin ninyo ang mga kapintasan ninyo at iwawaksi ang mga ito. Habang nakikita ninyo at iwinawaksi ang mga ito, mas nagiging masaya kayo dahil nagiging madali ninyong naaayos ang buhay ninyo bilang Cristiano.

Hindi mahirap tuklasin at iwaksi ang mga kasalanan kung totoong naniniwala kayo sa pag-ibig ng Diyos para sa inyo. Kahit dumaan pa tayo sa pagsubok ng pananampalataya, hindi mawawala ang kagalakan at pagpapasalamat sa puso natin. Kahit nahihirapan kayo sa ngayon na magsulong ng buhay bilang Cristiano, dapat ninyong matanto na tinatanaw ninyo ngayon ang mundo, isaayos ninyo ang pananaw ninyo, isipin ninyo, ‘madali at masayang magsulong ng buhay bilang mananampalataya!’ Totoong mayroong maluwalhating lugar sa langit, ang Bagong Jerusalem. Kung malinaw ang layunin ninyo, at hindi kayo susuko at magbabago ng isip sa kalagitnaan, makakapagsulong ng masaya at maligayang buhay bilang Cristiano sinuman sa inyo, mananahan kayo sa kaluwalhatian ng Diyos.

# "Bulag ang Kanang Mata Ko sa Nakaraang 17 Taon, Nakakakita na Ito Ngayon"

Kapatid Pappu Kumar Das, 25 taong gulang, Delhi Manmin Church, India



▲ Nabulag ang kanang mata ni Kapatid na Pappu kaya malungkot ang kabataan niya. Pero naranasan niya ang kapangyarihan ng Diyos. Binuhay ng Diyos ang mga ugat sa mata ni Pappu, masaya na siya at nagpapasalamat.

Noong walong taong gulang pa lang ako, napadaan ako sa maisan ng lola ko. Natusok ang mata ko ng matulis na bahagi ng dahon ng mais.

Agad akong dinala ng mga magulang ko sa ospital. Sinabi ng doktor na dapat akong maoperahan. Tinanggal ang matulis na bagay na tumusok sa mata ko, pero malabo na ang paningin ko sa matang iyon. Hindi nagtagal, nabulag na ito. Marami akong sinubukang gawin para mabawi ko ang paningin nito, pero balewala ang lahat ng iyon.

Noong 12 taong gulang na ako, sumailalim ako sa 'corneal transplant', at pagkatapos, sumailalim pa ulit sa dalawa pang operasyon. Walang nangyari, hindi ito nakatulong sa akin. Sinabi ng doktor na wala na silang magagawa. Bulag na ang kanang mata ko, hindi na ito maganda sa paningin. Binibiro ako ng mga kaibigan ko, pinagtatawanan nila ang bulag at pangit na mata ko, palagi ako malungkot at umiiyak. Nanghina ang kalooban ko, iniwasan ko na ang ibang tao.

Nalungkot ako, inisip kong walang pag-asa ang kinabukasan ko. Samantala, binigyan ako ng CD ng pinsan ko, may titulo itong "The Power of God". Sinabi sa CD na pwede akong pagalingin ng makapangyarihang panalangin ng isang pastor. Ipinakita sa CD ang maraming patotoo. May mga sakit silang hindi na pwedeng gumaling pero gumaling pagkatapos nilang tanggapin ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee.

Magmula Nobyembre 2014, nagsimula akong dumalo sa Delhi Manmin Church, may kaunting pag-asa na gumaling.

Nang tanggapin ko ang panalangin ni Dr. Lee pagkatapos ng sermon na nakabrodkast sa GCN, nabawasan ang pananakit ng kanang mata ko, nakakita ako ng mga bagay na may kulay. Pero, pansamantala lang ito. Noong panahong iyon, hindi ko sinusunod ang Salita ng Diyos, at hindi ko alam kung paano tatanggap ng mga kasagutan. Pero para sa isang taong katulad ko, ipinadanas ng Diyos na Manlilikha ang kapangyarihan Niya kahit sandali lang.

Pagkatapos, natiyak ko na gagaling ako, sinimulan ko ang pagsunod sa kalooban ng Diyos. Sa pamamagitan ng mga sermon, natutuhan ko kung paano ipakita na nananampalataya akong gagaling ako. Tinanggap ko ang panalangin para sa mga maysakit na naka-record sa telepono ko tuwing umaga at gabi. Nag-handog din ako ng panalangin at pag-aayuno, lumaktaw ako sa pagkain isang beses sa isang araw sa loob ng 40 araw. Sinikap kong mabuhay ayon sa Salita ng Diyos.

Noong Nobyembre 2015, bumisita si Rev. Heesun Lee, Tagapatnubay na Pastor ng Manmin para sa Buong Mundo, para mamuno sa ika-3 anibersaryo ng iglesya namin. Pagkatapos ng mensahe, nanalangin siya gamit ang panyong dinalanginan ni Dr. Lee. May himalang nangyari sa akin!

Nawala ang matinding pananakit ng mata at ulo ko. Huminto na rin ang pagluluha ko. Bukod dito, nakakita ako ng mga kulay at liwanag sa kanang mata ko. Unti-unting luminaw ang paningin ko, nakikilala ko na ang mga bagay at nakakabasa na ako ng mga salita. Kamangha-mangha!

May nakatakip na puting bagay ang mata ko, pero ngayon, unti-unti na itong umiitim. Napakasaya ko! Dahil lubos akong nagpapasalamat sa pagpapala ng Diyos, nagboluntaryo akong maglingkod sa iglesya, at nagbabahagi ako ng ebanghelyo sa mga tao. Lahat ng pasasalamat at luwalhati ay para sa buhay na Diyos.

# "Ebanghelyo ng Kabanalan ang Daan Patungo sa Kaligayahan"

Punong Diakonesa Eunyi Yang,
54 taong gulang, Daejeon Manmin Church, South Korea

Ipinanganak ako sa Cristianong pamilya, pero wala akong katiyakan para sa Langit at sa kaligtasan. Noong Hunyo 1988, nagtrabaho ako para sa isang kumpanya sa Seoul. Dinala ako ng kababayan ko sa Manmin Central Church. Nang marinig ko ang sermon ni Dr. Jaerock Lee tung-kol sa "The Measure of Faith", natiyak kong ligtas ako, may pag-asa na sa walang hanggang buhay sa Langit.

Nang sumunod na taon, nagpakasal kami ni Elder Daeyoung Park. Lumipat kami sa Deajeon kung saan siya nagtatrabaho. Pero nauhaw ang espiritu ko, bumalik ako sa Seoul. Noong Agosto 1991, nang itatag ang Daejon Manmin Church, bumalik ako doon at sinimulang muli ang panibagong buhay bilang Cristiano. Sinikap kong gawin ang lahat ng magagawa ko nang may lubos na kaligayahan dahil nagkaroon ng sangay na iglesya dito. Napuspos ako ng Banal na Espiritu.

Noong bagong kasal kami ng asawa ko, ayaw magsimba ng mga magulang niya. Sinabi nilang naniniwala kami sa isang relihiyon at kultura mula sa kanluran at binabalewala namin ang aming mga ninuno. Pinagbawalan nila kaming pumunta sa bahay nila dahil daw hindi sumusunod ang asawa ko sa mga rituwal ng mga ninuno.

Noong idaos ang ika-100 araw na anibersaryo ng kapanganakan ng anak naming lalaki, may kamangha-manghang pangyayari. Naglagay ng isang kutsarang kanin ang biyenan ko sa harapan ng anak namin, sinabi niyang dapat nitong batiin ang diyos na namamahala sa panganganak sa Korea. Biglang sumigaw ang anak ko, umiyak siya at nabalisa. Ayaw niyang huminto sa pag-iyak kahit anong gawin naming pagpapatahan sa kanya. Sinabi ko sa biyenan kong babae, "Ginawa mo kasi ang kinapopootan ng Diyos. Ilayo mo sa kanya ang kutsara, sasamba tayo sa tunay na Diyos."

Natakot siya, inilayo niya ang kutsara. Biglang huminto sa pag-iyak ang anak ko, namangha kaming lahat. Dahil sa nakita niya, sinabi ng biyenan ko na kamuntik ng mawala sa kanya ang pinakamamahal niyang apo. Sinabi niya sa amin na gawin namin kung ano ang gusto namin para dito dahil pag-aari ito ng Diyos. Magmula noon, hindi na kami gumagawa ng mga rituwal para sa mga ninuno. Tinanggap ng mga biyenan ko ang Panginoon. Nagparehistro ang mga bayaw ko sa iglesya at naibahagi rin ang ebanghelyo sa pamilya ko.

Samantala, nagkaroon kami ng problema sa pera dahil malaki ang inutang ng asawa ko. Ginamit niya ang pera para makapagtayo ng negosyo. Bukod sa mga problemang ito, pumanaw ang biyenan kong lalaki, nagkasakit din ang biyenan kong babae, ako na ang nag-alaga sa kanya. Habang tinutulungan ko siya papunta sa banyo, marami akong nadiskubreng kasamaan sa ugali ko na hindi ko napapansin noon.

Sinikap kong tularan ang kabutihan ni Ruth na natutuhan ko mula sa sermon ni Dr. Lee, pinaglingkuran ko ang biyenan ko ng buong puso. Noong Disyembre 2012, pumanaw na rin ang biyenan kong babae, biniyayaan ng Diyos ang negosyo ng asawa ko, pinagpala Niya ito.

Ang pinakamalaking pagpapala na ibinigay ng Diyos sa akin ay ang pagbabago ng kalooban ko sa unang bahagi ng taong 2015. Nadiskubre ko na sa paggawa ko ng mga tungkulin kong ibinigay ng Diyos, ginagawa ko lang kung ano ang kaya kong gawin. Pinagsisihan ko ito, inisip ko ang kalagayan ng ibang tao, kumilos ako ayon sa kalooban ng Diyos.

Nagsimula akong gumawa ng isang bagay na mukhang mahirap gawin kung sariling pananaw ko lang ang susundin ko. Binago ko ang saloobin ko, pinalitan ko ito ng positibo, umasa ako sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Noong Disyembre 2015, biniyayaan ako na maging espirituwal, malaking pagpapala ito ng Diyos sa akin! Hallelujah!



▲ Elder Daeyoung Park, Punong Diakonesa Eunyi Yang, Kapatid na Sunkyo Park

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714